5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 7

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Ugnayan ng Sinaunang Bayang Pilipino sa Ilang Piling Bansa sa Asya**
**(Arabong Bansa at Tsina)**
**Kuwarter 2: Aralin 7 Linggo 7**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

Manunulat: Jayson P. Sollorano, EdD
Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School-Pila Sub-office
SDO Laguna

Tagasuri: Marivic M. Pimentel, Ph.D.
Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila

**Management Team**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 2, ARALIN 7 LINGGO 7 / BAITANG 5**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>1. *Natutukoy ang mga bansang may ugnayan sa sinaunang bayang Pilipino*<br>2. *Naitatala ang mga ambag ng mga bansang may ugnayan sa sinaunang Pilipino.*<br>3. *Napahahalagahan ang ugnayan ng sinaunang bayang Pilipino sa ilang piling bansa sa Asya*<br>4. *Nakabubuo ng liham pasasalamat sa bansang Arabia at Tsina dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa ating mga ninuno.* |
| **D. Nilalaman** | Ugnayan ng sinaunang Bayang Pilipino sa Ilang Piling Bansa sa Asya<br>(Arabong Bansa at Tsina) |
| **E. Integrasyon** | Quality Education<br>SDG 11: Sustainable Cities and Societies<br>Cultural Diversity<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Antonio E. et al. (2007). Pilipinas Kong Hirang. Rex Book Store, Inc. Sampaloc Maynila, Philippines.<br>DepEd (2010). HEKASI 4-Ang Pakikipag-ugnayan ng mga Dayuhan sa Bansa. LRMDS-SDO-Division of Negros Occidental.<br>Gabuat (2016). Araling Panlipunan- Pilipinas Bilang Isang Bansa. Vibal Group, Inc. Quezon City, Philippines.<br>https://www.coursehero.com/file/103566383/CULTURAL-DIVERSITY-pdf/ |

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br>1. Maikling Balik-aral (Identification)<br>Panuto: Basahin mabuti at piliin ang tamang sagot sa kahon sa ibaba.<br>_______ 1. Ito ay tumutukoy sa sistema ng pamamahala na batay sa katuruan ng Islam.<br>_______ 2. Siya ang nagtatag ng unang sultanato sa Pilipinas at tumayo ring sultan nito.<br>______ 3. Siya ang nagtatag ng unang sultanato sa Mindanao.<br>______ 4. Siya ang nagtatakda at nagpapatupad ng mga batas sa isang sultanato.<br>______ 5. Siya ang huling propeta at tagapagtatag ng Islam.<br><br>Sultanato    Muhammad<br>Sharif ul-Hashim    Sultan<br>Sharif Kabungsuan    Adat<br><br>2. Pidbak (Opsiyonal)</td><td>Ang mga gawaing matatagpuan sa araling ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo.<br>Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na ibahin o baguhin ang mga pamamaraan upang maibigay ang maikling balik-aral.<br><br>BALIK-ARAL<br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. Sultanato<br>2. Sharif ul-Hashim<br>3. Sharif-Kabungsuan<br>4. Sultan<br>5. Muhammad<br><br>Ang pagsasagot sa balik-aral ay inaasahang gagawin sa unang araw ng pagtatalakay ng aralin.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na pamprosesong tanong at isulat sa sagutang papel.<br>a. Ano-anong mga bansa ang may kaugnayan sa sinaunang bayang Pilipino para sa unang bahagi ng aralin?<br>b. Sa paanong paraan, matutukoy ang mga ambag ng bansang Arabia at China sa sinaunang bayang Pilipino?<br>c. Paano mapapahalagahan ang naging ugnayan ng sinaunang Pilipino sa mga piling bansa sa Asya?<br>d. Sa paanong paraan mo maipapakita ang pasasalamat sa bansang Arabia at China mula sa kanilang mga impluwensya na naging bahagi na ng kultura ng Pilipinas?</td><td>Maaaring umisip ang guro ng iba pang Teknik upang mailahad ang mga layunin.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 1. SUBUKIN NATION! (#Susing Salita ng Aralin)**<br>Panuto: Isaayos ang mga pinaghalo-halong mga titik sa bawat bilang upang mabuo ang tamang salita. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno o sa inihandang espasyo sa sagutang papel. | **Gawain 1**<br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. Arabia<br>2. China<br>3. Ugnayan<br>4. Islam<br>5. Buddhism |

| | |
|---|---|
| **RAABAI**<br>________________ | Isang bansa na nakipag-ugnayan sa ating bansa noong sinaunang panahon. Ang bansang ito ay may kaugalian na hindi pagkain ng baboy. |
| **HCIAN**<br>________________ | Isang bansa na nakipag-ugnayan sa ating bansa noong sinaunang panahon. Ang bansang ito ay may kaugalian na paggunita sa mga yumao. |
| **GUNYAAN**<br>________________ | Tumutukoy ito sa pakikipagkaibigan, pakikilahok, pagkakaroon ng relasyon/koneksyon |
| **SILMA**<br>________________ | Tumutukoy sa pangunahing relihiyon sa mga bansang Arabo. |
| **UBDDIHSM**<br>________________ | Tumutukoy sa pangunahing relihiyon sa bansang China. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Paksa: PAKIKIPAG-UGNAYAN SA ARABIA**<br><br>Nakipag-ugnayan ang mga Arabe sa ating bansa upang makipagkalakalan at maipalaganap ang relihiyon Islam. Sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan nila sa Tsina ay nakarating sila sa ating bansa. Noong ika-15 siglo lamang nagsimulang lumaganap ang impluwensya ng Islam sa Pilipinas. Ang paglaganap ng Islam ang nagbigay daan sa pagkakatatag ng sultanato. Ito ang sistema ng pamahalaang pinamumunuan ng sultan.<br><br>Dala rin nila ang abakadang Arabic, arkitekturang Arabesque ng mga masjid (mosque), kalendaryo, sarimanok ng Maranao, guhit-okir ng Tausug.<br><br>Ang mga batas at kaugalian sa Mindanao at Sulu ay impluwensya rin ng mga Arabe. Nakabatay sa Koran (Qu'ran) ang mga batas nito, ito rin ay itinuturing na banal na aklat ng mga Muslim. Ilan sa mga kaugalian ng mga Muslim ay ang hindi pagkain ng baboy, ang pagdalaw sa Mecca at iba pang banal na lugar at hindi pag-inom ng alak.<br><br>Ang singkil na sayaw ng mga Tausug sa Mindanao at Sulu ay buhat din sa Arabia. Ang wika tulad ng sulat, pilat, Alamat, apo, bukas, alak at maalam ay impluwensya rin mula sa kanila. Maging ang epikong Indarapatra at Sulayman na nahahawig sa mga kuwento ng Arabian Nights ay impluwensya rin nila.<br><br>Karagdagan pa rito ay nakikipagpalitan ang ating mga ninuno ng mga perlas, korales, bungangkahoy at iba pang kagamitan sa mga kasangkapang yari sa metal tulad ng tanso at ginto, cotton, lana, alombra at seramiks ng mga Arab.<br><br>**Ikalawang Araw**<br><br>**Paksa: PAKIKIPAG-UGNAYAN SA TSINA**<br>Ang mga Tsino ang may pinakamatagal na nakipag-ugnayan sa ating bansa noong sinaunang panahon. Ika-10 siglo ng nagsimula ang kalakalan at ika-12 na siglo nagsimula manirahan ang mga Tsino sa ating bansa. Ang pangunahing relihiyon ng mga Tsino ay Buddhism.<br><br> | Maaari pang umisip ang guro ng iba pang pamamaraan upang ilahad ang paksa sa mga mag-aaral. Maaaring gumawa ng graphic organizer para mas mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral.<br><br>Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikalawang araw, subalit may kalayaan ang guro na gawin ito kahit anong araw bastat matatapos ang lahat sa ika-apat na araw. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sa mahabang panahon ng pakikipag-ugnayan at malaki ang naging impluwensya nila sa ating kultura. Ang mga kagamitang tulad ng tapayang porselana, kristal, karayom, plorera, patalim, telang seda at jade ay namana natin sa kanila. Ang paggawa ng pulbura ay sa kanila rin natin natutunan, maging ang mga kagamitang yari sa metal. Natutuhan din ng ating mga ninuno ang paggamit ng mga paputok at kwitis, paying, tsinelas, at bakya. Ang paglalaro ng trumpo at sungka, pagpapalipad ng saranggola ay sa mga Tsino rin nagmula. Maging sa pagkain ay malaki rin ang impluwensya ng mga Tsino sa ating mga Pilipino. Ilan dito ay ang pansit, lumpia, siopao, mami, okoy, siomai, at chopsuey. Ang mga gulay tulad ng petsay, kintsay, at bataway dala rin ng mga Tsino. Mayroon ding mga salita na naging bahagi ng ating wika. Katulad ng ate, ditse, sangco, gunting, susi, sipit, at kuya. Maging ang mga kaugaliang tulad ng pagkakabuklod ng pamilya at paggalang sa mga magulang at matatanda ay namana rin natin sa mga Tsino.<br>Ginamit na kabaong ng ilang mga Pilipino ang mga tapayan. Ang iba pang Pilipino naman ay ginawa itong imbakan ng tubig at pagkain. Naging matatag ang kalakalang Pilipino-Tsino kaya maraming daungan sa kapuluan ang naging sentro ng kalakalan tulad ng Jolo, Cebu, Mindoro, Maynila, Batangas, at Laguna.<br><br>Nawili ang mga Tsino sa pakikipagkalakalan sa ating ninuno kaya't dumami ang kanilang mga himpilan ng kalakalan sa ating bansa. Nanirahan na rin sila dito kaya't lumaki ang kanilang pamayanan. Ang ilan sa ating mga ninuno ay nakapag-asawa ng mga Tsino.<br><br>**Integrasyon sa Cultural Diversity**<br>Ang paghahambing sa pagkakaiba ng dalawa o higit pang kultura ay tinatawag na Cultural Diversity. Ang mga pagkakaiba na ito ay maaaring nauugnay sa kaugalian, relihiyon, pananamit o wika, at iba pa.<br><br>Sa araling ito, natutukoy ang pagkakaiba ng relihiyon, wika, kaugalian, at hanapbuhay sa bansang Arabia at Tsina. Sa kabila ng malaking pagkakaiba ang kailangan gawin ng bawat isa ay respeto, pag-unawa, at pagmamahal. Sa pamamagitan nito maipapamalas natin sa mundo ang kapayapaan. | |

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 2. Punan Mo Ako! (#Lagyan Natin!)**
**Panuto:** Punan ang talahanayan ng hinihinging impormasyon.

| Impluwensya | ARABIA | CHINA |
|---|---|---|
| 1. Relihiyon | | |
| 2. Wika | | |
| 3. Kagamitan | | |
| 4. Hanapbuhay | | |
| 5. Kaugalian | | |

**Gawain 3: Arabia o China (#Piliin Mo!)**
**Panuto:** Isulat ang letrang A kung ugnayan sa Arabong bansa ang tinutukoy ng mga sumusunod na impluwensya sa buhay ng mga Pilipino, at letrang C naman kung ugnayang China ang tinutukoy.

_______ 1. Kagamitang kalendaryo
_______ 2. Hindi pagkain ng baboy.
_______ 3. Kagamitang tsinelas
_______ 4. Relihiyong Buddhism
_______ 5. Paggalang sa nakakatanda.
_______ 6. Pamahalaang sultanato
_______ 7. Pag-aasawa ng marami (polygamy)
_______ 8. Mosque
_______ 9. Mga porselana.
_______ 10. Mga batingaw

**Gawain 2**
Susi sa Pagwawasto

| Impluwensya | ARABIA | CHINA |
|---|---|---|
| 1. Relihiyon | Islam | Buddhism |
| **2. Wika** | Arabic | Niponggo (Walang datos ukol dito) |
| 3. Kagamitan | Kalendaryo<br>Sarimanok ng Maranao<br>Guhit-okir ng Tausug | Tapayang porselana<br>Kristal<br>Karayom<br>Patalim<br>Telang Seda |
| 4. Hanapbuhay | Pangangalakal | Paggawa ng pulbura<br>Paggawa ng kagamitang metal |
| 5. Kaugalian | Hindi pagkain ng baboy, hindi pag-inom ng alak<br>Pag-aasawa ng marami | Pagkaka-buklod ng pamilya<br>Paggalang sa magulang at nakakatanda |

| | | |
|---|---|---|
| | **Ikatlong Araw**<br>**2. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Gawain 4: Iguhit mo! (#Ipakita)**<br>Panuto: Iguhit ang mga paborito mong kagamitan sa loob ng kahon na namana natin sa ating mga ninuno na impluwensya ng bansa sa Arabia at China at pagkatapos ay sagutin ang pamprosesong mga tanong .<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Bakit naging paborito mo ang mga ito? Ipaliwanag.<br>2. Paano ito nakakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay ng isang tao?<br><br>**Gawain 5. Liham Pasasalamat (#Salamat)**<br>Panuto: Gamit ang sagutang papel, gagawa ang mga mag-aaral ng liham pasasalamat sa bansang Arabia at China. Ano-ano ang mga gusto mong ipagpasalamat dahil nagagamit natin hanggang ngayon ang mga impluwensya nila simula noong nakipag-ugnayan sila at ang ating mga ninuno sa kanila.<br> | **Gawain 3**<br>Susi sa pagwawasto:<br>1. A<br>2. A<br>3. C<br>4.C<br>5. C<br>6. A<br>7. A<br>8. A<br>9. C<br>10. C<br><br>Gamit ang sagutang papel ay sasagutan ang Gawain 4. May kalayaan ang guro na magbigay ng nararapat na marka sa mga mag-aaral.<br><br>Gamit ang sagutang papel ay sasagutan ang Gawain 5. May kalayaan ang guro na magbigay ng nararapat na marka sa mga mag-aaral. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Gawain 6. Isapuso mo! (#Paano kaya!)<br>Panuto: Gamit ang sagutang papel ay sagutin ang mga sumusunod<br><br>1. Nakabuti ba ang pakikipag-ugnayan natin sa ibang bansa mula noon hanggang nagyon? Ipaliwanag.<br><br>2. Ano kaya ang maaaring mangyari sa ating kultura kung hindi tayo nakipag-ugnayan sa mga dayuhan? Ipaliwanag.</td>
<td>Gamit ang sagutang papel ay sasagutan ang Gawain 6. May kalayaan ang guro na mag bigay ng nararapat na marka sa mga mag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>Ikaapat na Araw<br><br>1. Pabaong Pagkatuto<br><br>
<table>
<tr><th>Impluwensya</th><th>ARABIA</th><th>CHINA</th></tr>
<tr><td>1. Relihiyon</td><td>Islam</td><td>Buddhism</td></tr>
<tr><td>2. Wika</td><td>Arabic</td><td>Niponggo<br>(Walang datos ukol dito)</td></tr>
<tr><td>4. Kagamitan</td><td>kalendaryo<br>Sarimanok ng Maranao<br>Guhit-okir ng Tausug</td><td>Tapayang porselana<br>Kristal<br>Karayom<br>Patalim<br>Telang Seda</td></tr>
<tr><td>5. Hanap/Buhay</td><td>pangangalakal</td><td>Paggawa ng pulbura<br>Paggawa ng kagamitang metal</td></tr>
<tr><td>6. Kaugalian</td><td>Hindi pagkain ng baboy, hindi pag-inom ng alak<br>Pag-aasawa ng marami</td><td>Pagkakabuklod ng pamilya<br>Paggalang sa magulang at nakakatanda</td></tr>
</table>
</td>
<td>May kalayaan ang guro na umisip pa ng ibang teknik kung paano ibibigay ang paglalahat.<br><br>Sa bahaging ito ay inaasahang masasagutan ng mga mag-aaral ang pagninilay ng buong puso.</td>
</tr>
</table>

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 7. Pagninilay**

Panuto: Magsagawa ng pagninilay hinggil sa aralin na natutunan. Kokopyahin sa g kuwaderno ang talahanayan. Lagyan ng tsek ng mga mag-aaral ✓ kung ang mga nakalahad na kasanayan ay nalinang. Sasagutin din ng mga inihandang tanong.

| Mga kasanayan | Hindi sapat ang kasanayan ko | Sapat ang kasanayan ko | Lubos ang kasanayan ko |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang mga bansang may ugnayan sa sinaunang bayang Pilipino* | | | |
| *Napahahalagahan ang ugnayan ng sinaunang bayang Pilipino sa ilang piling bansa sa Asya* | | | |
| *Nakabubuo ng liham pasasalamat sa bansang Arabia at Tsina dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa ating mga ninuno.* | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang natutunan mula sa aralin?

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Anong mga kaalaman at kasanayan ang nahirapan kang matutunan?<br>3. Bakit nahirapan kang matutuhan ang mga nasabing kaalaman at kasanayan?<br>4. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?<br>a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan?<br>b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kanilang naging karanasan sa pag-aaral?<br>c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi? | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Panuto: Basahin at piliin ang letra ng wastong kasagutan. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.<br><br>_______ 1. Ito ang bansa sa Asya na tinaguriang may pinakamatagal na ugnayan sa pakikipagkalakalan sa mga Pilipino.<br>A. Arabia B. China C. Indonesia D. Japan<br>_______ 2. Ito ang bansa sa Asya na nakaimpluwensya sa mga Pilipino na gumamit paputok, kwitis, paying, tsinelas, at bakya.<br>A. Arabia B. China C. Indonesia D. Japan<br>_______ 3. Ito ang pangunahing relihiyon sa bansang Arabia.<br>A. Buddhism B. Roman Catholic C. Islam D. Jainism<br>_______ 4. Ito ang uri ng pamahalaan na ipinakilala ng mga Arabe sa Sulu.<br>A. Katoliko B. Muslim C. Budismo D. Sultanato<br>_______ 5. Batay sa aralin, alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga kaugalian ng mga Arabe na nakaimpluwensya sa mga sinaunang Pilipino.<br>A. Hindi pagkain ng baboy<br>B. Hindi pag-inom ng alak<br>C. Pagdalaw sa Mecca at iba pang banal na lugar<br>D. Pagkakabuklod-buklod ng pamilya | Susi sa pagwawasto:<br>1. B<br>2. B<br>3. C<br>4. D<br>5. D<br><br>Maaari itong gawin sa ikaapat na araw kung may natitira pang oras. |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa kwaderno o sa sagutang papel.<br>1. Anong impluwensya ng Arabia at China ang dapat nating ipagpatuloy at paunlarin? Bakit?<br>2. Paano ito ipagpapatuloy? Ipaliwanag.<br>3. Dapat bang ipagpatuloy nating mga Pilipino ang pakikipag-ugnayan sa mga taga Arabia at China? Bakit?</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: JAYSON P. SOLLORANO, Ed.D.*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School- Pila Sub-office, SDO-Laguna*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |